



# Conductive na Pagkawala ng Pandinig

## Mga Sanggunian:



[Conductive na pagkawala ng pandinig](#)



[Kwento ng isang pamilya](#)



[Kwento ng isang pamilya](#)

- Ang tunog ay kinokolekta ng panlabas na tainga at inililipat pababa sa kanal ng tainga patungo sa eardrum. Gumagalaw/nagva-vibrate ang eardrum bilang tugon sa soundwave.
- Ang paggalaw na ito ng eardrum ay nag-uudyok ng chain reaction na kinabibilangan ng tatlong buto sa gitnang tainga (malleus, incus at stapes) hanggang sa pintuan ng kaloob-loobang tainga (oval window).
- Ang conductive na pagkawala ng pandinig (CHL, akronim nito sa Ingles) ay nangyayari kapag may iregularidad sa isang lugar sa panlabas o gitnang tainga. Nangyayari ang pagkawala dahil hindi maihatid ang tunog sa mga lugar na iyon.
- Minsan, ang CHL ay maaaring dahil sa impeksyon, abnormal na paglaki o malformation ng anumang bahagi ng panlabas o gitnang istruktura ng tainga.
- Ang CHL ay maaaring mula sa napaka-banayad hanggang sa malubha.
- Ang pansamantala o permanenteng CHL ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kakayahan ng mga sanggol na matutong makinig at magsalita, kaya ang paggamot ay dapat laging siyasatin at ibigay sa lalong madaling panahon.
- Ang CHL ay kadalasang nalulutas sa pamamagitan ng medikal na paggamot gaya ng mga gamot o operasyon, at paglalagay ng mga hearing aid o Bone Anchored Hearing Aid (BAHA).
- Ang mga Pediatric Audiologist ay dapat magtrabaho sa mga bata na may CHL dahil sila ay espesyal na sinanay na magtrabaho sa mga bata kaysa sa mga matatanda.

